## Tala: 1

Cyst sa Obaryo(includes abstract) Rosenblum L; Andrews J; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052503

Abstract: Ang cyst sa obaryo ay isang maliit na sakong puno ng likido sa obaryo. Gumagawa ang mga obaryo ng mga itlog para sa pagbuo ng sanggol at mga hormone ng babae. Karamihan ng mga cyst sa obaryo ay maliliit at benign (hindi nagiging cancer). Gayunpaman, nagdudulot ng pananakit at ibang mga problema ang mga malalaki. Maaaring magkaroon ng isa o maraming mga cyst sa obaryo ang isang babae.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Cyst sa Obaryo

**(Follicular Cyst, Functional Cyst, Mittelschmertz)**


ni: Laurie Rosenblum, MPH

[View English Version]

## Kahulugan

Ang cyst sa obaryo ay isang maliit na sakong puno ng likido sa obaryo. Gumagawa ang mga obaryo ng mga itlog para sa pagbuo ng sanggol at mga hormone ng babae. Karamihan ng mga cyst sa obaryo ay maliliit at benign (hindi nagiging cancer). Gayunpaman, nagdudulot ng pananakit at ibang mga problema ang mga malalaki. Maaaring magkaroon ng isa o maraming mga cyst sa obaryo ang isang babae.

**Malapitang Tingin sa Obaryo at Fallopian Tube**




*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

## Mga Sanhi

Tumutubo ang mga follicle sa mga obaryo bawat buwan. Gumagawa sila ng mga hormone at nagpapalabas ng itlog sa ovulation. Sa ilang mga kaso, ang mga follicle ay maaaring maging mga cyst. Mayroong dalawang pangunahing uri:

- Functional cyst—nangyayari kapag ang normal na buwanang follicle ay hindi nahinog nang wasto at hindi nailabas ang itlog
  - Kusang nawawala ang mga cyst na ito sa loob ng 1-3 panahon ng pagreregla.
- Follicular cyst—nangyayari pagkatapos na mailabas ang itlog

- Kusang nawawala ang mga cyst sa loob ng ilang linggo.
- Ang mga ito ay isang uri ng functional cyst.

Karamihan ng mga cyst sa obaryo ay mga functional cyst. At nangyayari lang sila sa mga edad kung kailan maaaring magbuntis. Maraming, hindi gaanong karaniwang mga uri ng benign cyst ay tumutubo din mula sa tissue ng obaryo. Halimbawa, maaaring magkaroon ng mga endometrioma ang mga babaeng may endometriosis . Ang endometriosis ay kapag ang tissue mula sa panloob na balat ng matris ay tumutubo sa labas ng matris. Ang mga endometrioma ay mga cyst na tumutubo mula sa tissue ng matris sa obaryo.

Ang polycystic ovary syndrome ay iniuugnay din sa mga cyst. Ang mga babaeng may ganitong kondisyon ay may ilang maliliit na mga cyst sa kanilang mga obaryo (higit sa 10).

May napakaliit na porsiyento ng mga babae ang may mga cyst na dulot ng cancer.

## Mga Nagbibigay Panganib

Ang nagbibigay panganib ay isang bagay na nagpapataas ng iyong tsansang magkaroon ng sakit o kondisyon.

Ang pangunahing nagbibigay panganib sa mga cyst sa obaryo ay ang pagiging nasa mga edad na maaaring magbuntis.

## Sintomas

Karamihan ng mga cyst sa obaryo ay hindi nagdudulot ng mga sintomas. Kapag nangyayari ito, pananakit sa balakang at di-regular na pagdurugo sa pagreregla ang dalawa sa pinaka-karaniwang mga sintomas. Ang pananakit ay kadalasang dulot ng:

- Mismong puwersa mula sa mga cyst sa mga obaryo at nakapaligid na mga bahagi
  - Nagdudulot ito ng talamak na pamamaga ng balakang o pagkirot.
- Pagdurugo mula sa cyst patungo at sa paligid ng obaryo
  - Nagdudulot ito ng mas matindi, matalas na pananakit dahil naiirita ang panloob na balat ng tiyan sa dugo.

Maaaring regular na mangyari at mawala ang pananakit. O maaaring mas napapansin bago o pagkatapos ng iyong pagreregla o habang nakikipagtalik.

Ibang mga sintomas:

- Kawalan ng ginhawa sa pag-hi na iniuugnay sa puwersa o iritasyon sa pantog
- Pagduduwal
- Pagtatae

Sa bihirang mga kaso, maaaring mapilipit ang cyst sa obaryo. Puputulin nito ang sarili niyang suplay ng dugo. Nagdudulot ito ng matinding pananakit sa tiyan, pagsusuka, at lagnat. Tagawan agad ang iyong doktor kung mayroon ka ng mga sintomas na ito.

## Pagsuri

Magtatanong ang doktor tungkol sa iyong mga sintomas at kasaysayang medikal, at magsasagawa ng pelvic exam. Madalas na natutuklasan ang mga cyst sa obaryo sa karaniwang pagsusuri sa balakang kapag walang mga sintomas.

Kung hinihinala ang cyst o matagpuan, maaaring magrekomenda ang doktor ng pelvic ultrasound . Isa itong pagsusuri na gumagamit ng sound waves upang gumawa ng mga larawan ng mga obaryo. Gamit ang pagsusuring ito, malalaman ng doktor ang uri at sukat ng cyst. Malalaman din niya kung anong paggamot ang kailangan.

Maaaring gamitin ang iba pang mga pagsusuri kung ang cyst ay:

- Hindi nawawala pagkatapos ng ilang yugto ng pagreregla
- Lumalaki at nagiging mas masakit
- Hindi parang simpleng functional cyst

Kasama sa mga ibang pagsusuri ang:

- Laparoscopy —isang manipis, may ilaw na tubo at ibang maliliit na mga instrumento ay ipinapasok sa ilang maliliit na hiwa sa tiyan upang makita ang mga obaryo, patuluin ang likido mula sa cyst, o kumuha ng sample para sa biopsy
- Pagsusuri sa dugo para sa protinang CA-125 —ginagawa kapag ang cyst ay hinihinalang maaaring maging cancer
  - Madalas na mataas ang CA-125 sa mga kaso ng cancer sa obaryo . Ngunit maaari rin itong mataas sa maraming mga benign na sitwasyon.

**Paggamot**
Depende ang paggamot sa iyong edad, kalagayan ng pagreregla, ang sukat at uri ng cyst, at iyong mga sintomas. Ang mga pangunahing uri ng paggamot ay:

## Hintayin at Tingnan

Sangkot sa paraang ito ang paghihintay nang ilang buwan upang tingnan kung kusang mawawala ang cyst.

## Mga Tabletang Pangkontrol sa Pagbubuntis

Kung mayroon kang functional cyst, maaaring magreseta ang iyong doktor ng mga tabletang pangkontrol sa pagbubuntis . Maaaring pigilan ng mga tabletang ito ang pagbuo ng ibang mga cyst sa panahon ng "paghihintay." Kung madalas kang magkaroon ng mga cyst sa obaryo, binabawasan ng mga tabletang pangkontrol sa pagbubuntis ang tsansa ng pagtubo ng mga bago.

## Laparoscopic Surgery

Maaaring irekomenda ang pelvic laparoscopy upang tanggalin ang cyst kung ito ay:

- Lumalaki o umaabot sa sukat na higit sa dalawang pulgada
- May ilang matigas na bagay sa loob nito, o ibang mga katangian
- Nagdudulot ng hindi nawawala o lumalalang mga sintomas
- Nagtatagal nang lampas dalawa o tatlong panahon ng pagreregla

Kung hindi maaaring maging cancer ang cyst, madalas na tanging cyst lamang ang tatanggalin. Subalit, sa ilang mga kaso, maaaring kailangang tanggalin ang iyong buong obaryo. Kung ang cyst ay maaaring maging cancer, maaaring tanggalin ang iyong mga obaryo at matris. Nangangailangan ito ng open surgical procedure , sa halip na laparoscopy.

**Pag-iwas**
Madalas ang mga cyst sa obaryo at kadalasang walang pananakit at benign. Hindi karaniwang inirerekomenda ng mga doktor ang anumang mga pag-iwas na pamamagitan. Maaaring makatulong ang mga tabletang pangkontrol sa pagbubuntis sa mga babaeng may bumabalik na mga cyst. Nakita ding binabawasan ng pag-inom ng mga tabletang pangkontrol sa pagbubuntis nang higit sa limang taon ang panganib sa cancer sa obaryo.

Ang pinakamabuting paraan upang makita ang mga cyst nang maaga ay:

- Sabihin sa iyong doktor ang tungkol sa anumang mga pagbabago sa iyong buwanang panahon o pagreregla.
- Iulat ang pananakit ng balakang at tiyan.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO

Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052503